**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail:* ovcca.updiliman@up.edu.ph

Ika-9 ng Mayo 2021

Memorandum Blg. ABB – 21 - 14

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Pinuno ng Yunit, Fakulti, REPS, at Kawani

Paksa : **Karagdagang Bilang ng Babakunahan**

---

Sa linggong ito ay magpapadala ang QC Health Department ng karagdagang bilang ng bakuna na Sinovac. Ito ay maaaring ilaan lamang sa mga A2 at A3 na mga indibidwal. Bukod sa ating mga guro, kawani at agency personnel, bubuksan na din natin ang listahan ng mababakunahan sa mga sumusunod:

1. Mga nagretirong guro at kawani at ang kanilang asawa; at
2. Mga dependents ng mga guro at kawani, kasama ang mga kasambahay at caregivers.

Bubuksan din ito para sa ibang mga kasamahan natin sa UP Kampus tulad ng mga manininda, PUJ drivers, at mga kawani ng PNB/LBP/ Vererans Bank. Bibigyang prayoridad ang mga nakatira sa mga barangay ng QC sa loob ng 3 kilometrong radius mula sa UP Oblation.

Hinihiling po namin na inyong mapaabot sa inyong mga retirado at kasalukuyang guro at kawani ang *registration form* na nasa link sa ibaba kung sila ay interesadong magparehistro. Maisumite sana nila ito hanggang sa Martes, 11 Mayo 2021.

https://docs.google.com/forms/d/e/1FAIpQLScV_-SqdB8kSsL0zaa4Gc0ZeZOrxMmujQuj_slw6i4a0nhHow/viewform?usp=sf_link

Maraming salamat at muling umaasa sa inyong patuloy na kooperasyon.

**PROF. ALELI B. BAWAGAN, PhD.**
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad